Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-12 NG SETYEMBRE, 2005, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Bryan R. Lateo | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad – SK |

KAPASIYAHAN BLG. 124-T'05

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 2-T'05 / KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 2-T'05 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID NA NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA MGA SASAKYANG GUMAGAMIT NG MGA PANGUNAHING LANSANGAN NG BARANGAY GATID AT NAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 2-T'05 / Kautusang Pambarangay Blg. 2-T'05 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Gatid na naglalayong makapagtakda ng mga panuntunan sa mga sasakyan sa paggamit ng mga pangunahing lansangan sa nasasakupan ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ang naturang kapasiyahan / kautusan ng Sang. Barangay ng Gatid ay pinagtibay ng Sangguniang ito sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 80-T'05, base sa pag-aral at rekomendasyon ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas;

SAPAGKA'T, matapos na maisabatas ng sangguniang ito ang naturang kapasiyahan / kautusan ng Sang. Brgy. ng Gatid ay nagkaroon ng pagliliwat sa Tanggapan ng Punong Bayan para sa pagpapatibay;

SAPAGKA'T, nagkaroon ng pagbabalik sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan sa kapasiyahan / kautusan ng Sang. Brgy. ng Gatid tungkol sa pagtatakda ng kaparusahan, lakip ang kanyang pagpapayo na muling ibalik ito sa naturang barangay para sa pagsasaayos;

SAPAGKA'T, matapos ang pagtutuwid at pagsasaayos ng naturang barangay sa kanilang kapasiyahan / kautusan ay muling dumaan ito sa pagsusuri ng Lupon sa Batas;

SAPAGKA'T, matapos ang pagsusuri at makita ang mga isinagawang pagtutuwid sa ilang bahagi ng kapasiyahan/kautusan ng nasabing Sangguniang Barangay ay ipinasiya ng lupon sa Batas na pagtibayin na ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Bryan R. Lateo at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2-T'05 / Kautusang Pambarangay Blg. 2-T'05 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Gatid na nagtatakda ng mga panuntunan para sa mga sasakyang gumagamit ng mga pangunahing lansangan ng Brgy. Gatid at nagpapataw ng kaukulang kaparusahan sa paglabag dito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Sang. Brgy. ng Gatid, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan/ Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan